

1. Ang Ika-18 Pagdaraos ng Speech Contest sa Wikang Hapon.

Sa ika-11 ng Pebrero ay gaganapin ang pang-18 speech contest sa wikang hapon sa Hotel Sunroute Tochigi.

Sa paligsahang ito, ang mga dayuhang residente na wala pang limang taon na naninirahan sa Japan at hindi dapat nihonggo ang sariling wika ang maaari lamang lumahok. Sa kanilang mga talumpati ay ilalahad ang sariling mga damdamin tungkol sa pamumuhay sa bansang ito, ganundin ang mga pagsasalaysay sa kanilang sariling bansa o pamilya at kanilang mga plano sa hinaharap.

Ngayong taon ay lalahukan ng 21 na participants mula sa 9 bansa na kinabibilangan ng Pakistan, Indonesia at Vietnam.

Inaasahan namin ang ang inyong pagdalo upang bigyan suporta ang mga lalahok na maghahayag ng kanilang mga talumpati.

2. Tungkol sa Malawakang Pagsasanay sa Pag-iwas sa Kalamidad.

Noong nakaraang taon ng ika-25 ng Nobyembre ay idinaos ang malawakang disaster drill sa Sports Park ng Iwafune ng Tochigi City. Lumahok ang Tochigi International Center na nagbukas ng Disaster Multilingual Support Center. May 13 residenteng dayuhan ang lumahok na mula sa Pilipinas, Nepal at Peru na nagsilbi

bilang mga biktima ng kalamidad at mga tagapag-salin ng salita na nagbigay impormasyon sa mga iba pang dayuhan at ganundin ipahatid ang kalagayan ng mga dayuhang residente sa nasabing Multilingual Support Center.

Ang pagsasanay ay isinagawa sa pagpapalagay na may malakas na lindol na may intensity na 6 o mas mataas pa na tumama sa lungsod.

Noong bagong taon ay nagkaroon ng malakas na lindol sa Noto Peninsula sa Ishikawa Prefecture. Ito ay nagdulot na malaking pinsala gaya ng pagkawasak ng mga kabahayan, sunog, paglubog ng mga kalsada at pagguho ng lupa. Hanggang sa kasalukuyan ay marami pa rin ang hindi na makabalik sa kani-kanilang tirahan at nakatira lang sa mga evacuation centers. Sila ay nahaharap sa napakahirap na sitwasyon dahil sa pagkaputol ng suplay ng kuryente at tubig, kawalan ng palikuran at malamig na panahon.

Ang lindol na ito sa rehiyon ng Noto ay maaring maganap sa atin. Hindi natin alam kung kailan at saan tutunog ang earthquake alarm. Mahalagang mulat ang lahat sa katotohanang ito at dapat mag-imbak ng mga bagay tulad ng inuming tubig, pagkain at gamot sa pag-araw-araw upang hindi magkaroon ng mas lalo pang suliranin pagkatapos ng kalamidad.

3. Mga Suliranin Dulot ng Pamimili sa Online.

Kamakailan, dumarami ang mga suliranin dulot sa pamimili sa pamamagitan ng mga smartphones. Halimbawa nito ay pag-aalok na bumili ng supplements na 500yen lamang sa umpisa at 3,980yen na sa pangalawa at mga susunod pa na bayaran. Ngunit pagkaraan ng ilang buwan at maisipang itigil na lamang dahil sa pag-aakalang hindi na kailangan ay hindi na maaaring ikansel sa kadahilanang hindi na makontak ang nagbenta nito dahil putol na umano ang telepono pero dapat ituloy pa rin pagbabayad dito.

Ang mga kaso na halimbawa nito ay dumarami dahil sa hindi na makontak ang seller at hindi na maaaring ikansel ang subscription. Dapat maging maingat sa mga matatamis na mag sales-talk na gumagamit ng mga katagang “Special Promo” o “Magandang Deal Ito”

Upang makaiwas sa ganitong problema ay maigi na suriin muna kung maaaring ikansel o ibalik ang produkto bago bilhin. Bilang karagdagan, itala ang mga detalye ng kontrata sa pag-print o pagkuha ng screenshot ng pinakahuling kumpirmasyon ng aplikasyon sa pagbebenta nila.

Kung sakali nagkaroon na ganitong problema ay makipag-ugnayan sa Consumers Affairs Section ng Civic Affairs Division sa pangalawang palapag ng pangunahing gusali ng munisipiyo o tumawag sa kanilang numero 0282-23-8899.

4. Ang Pag-iingat sa Norovirus.

Ang mga impeksyon sa Norovirus at food poisoning ay nangyayari sa buong taon ngunit laganap lalo sa panahon ng tag-lamig. Maaaring mahawaan nito sa pamamagitan ng pagkain ng hilaw o hindi sapat na nainitan na pagkain. Bilang partikular, nagiging karaniwan ang impeksyon sa pagkain ng talaba.

Bilang karagdagan, ang Norovirus ay maaaring maipasa sa bibig, sa kamay na napahawak ng suka o dumi ng taong nahawaan ng Norovirus.

Ang impeksyon sa Norovirus ay nagdudulot ng matinding pagsusuka at pagtatae. Kadalasan nawawala lamang ang mga sintomas na ito pagkatapos 1 hanggang 2 araw. Ngunit sa mga bata at matatanda ay maaari itong mas matagal pa. Kung paulit-ulit ang pagsusuka at patuloy pa rin sa pagtatae na hindi na halos makainom ng tubig ay malamang magkaroon ng dehydration ang katawan. At kung lubha na ang pagkadehydrate ng katawan ay kailangan ng magpa admit na sa emergency room o tumawag na lamang ng ambulansya. Kung ang sintomas naman ay hindi masyadong masama at naggagamot lamang sa bahay ay huwag uminom ng anti-diarrheal na gamot. Siguraduhing uminom na lamang ng kaunting tubig o sports drink upang maiwasan ang dehydration.